Kailangan mo ba ng dagdag na impormasyon?

Hepatitis C Councils

Australian Hepatitis Council	(02) 6232 4257
NSW 1800 803 990 (NSW country)	(02) 9332 1599
Victoria 1800 703 003 (VIC country)	(03) 9639 3200
Queensland 1800 648 491 (Qld country)	(07) 3229 3767
South Australia 1800 021 133 (Hep Helpline)	(08) 8362 8443
Western Australia 1800 800 070 (WA country)	(08) 9328 8538
Northern Territory (Territory Health Service)	1800 353 755
Tasmania	(03) 6234 1242
Australian Capital Territory 1800 803 990 (NSW country)	(02) 6253 9999

Makipag-usap sa inyong lokal na doktor o pambayang ospital

(Klinika sa mga Nakahahawang Sakit, Klinika Hepatolohiya)

FILIPINO

HEPATITIS C

impormasyon

HEPATITIS C

Orihinal na inihanda at isinalin ng
Mga Programa at Patakarang Multikultural ng South Australia

Sa pakikipagtulungan ng
Konseho ng mga Komunidad Etniko ng Queensland

Binago Mayo 2000

Para kanino ang libritong ito

Ang libritong ito ay para sa mga taong namumuhay na may hepatitis C, ang kanilang pamilya at tagapag-alaga, at taong maaaring mahawahan ng hepatitis C

Ano ang hepatitis?

Ang kahulugan ng salitang hepatitis ay pamamaga ng atay. Ang hepatitis ay maaaring bunga ng ilang bagay tulad ng bayrus, alkohol at mga kemikal.

Ano ang 'viral' hepatitis?

Ang bayral hepatitis (viral hepatitis) ay nakahahawang sakit na sanhi ng pamamaga ng atay. Ang bayral hepatitis ay isang malaking problemang pangkalusugan sa buong mundo. Ito ay maaaring magbunga ng sirosis (o pagkapilat) sa atay, sa ilang kalagayan, kanser sa atay at kamatayan.

May ilang uri ang mga bayral hepatitis?

Ang pinakamatinding mga bayral hepatitis ay hepatitis A, hepatitis B at hepatitis C. Ang hepatitis C ay dating tinatawag na 'non-A/non-B hepatitis'. Ang hepatitis B at hepatitis C ay ang dalawang bayral na nagbubunga ng pilat sa atay (sirosis). Mayroon ding ilang hindi masyadong kilalang uri ng bayral hepatitis.



Hepatitis A

Ang hepatitis A ay naililipat kung ang tae o dumi (paggalaw ng bituka) ay nadikit sa bibig ng ibang tao. Ito ay maaaring mangyari sa pamamagitan ng pagkain o inumin na nadumihan, o isang uri ng pagtatalik o pagseseks. Ang mga sintomas ay karaniwang nakikita sa loob ng 28-30 araw matapos maimpeksyon at maaaring may kasamang pananakit ng tiyan, pagkawala ng ganang kumain, pagduduwal, mababang lagnat, kapaguran at sa ilang katayuan ay paninilaw ng balat at mata (jaundice). Karamihan sa mga taong naimpeksyon ay gumagaling at nagiging ligtas sa muling pagkaimpeksyon. May bakuna para mahadlangan ang hepatitis A.

Hepatitis B

Ang hepatitis B ay naililipat sa pamamagitan ng pagkakadikit ng dugo, pakikipagtalik o pakikipagseks sa isang taong may impeksyon o pakikigamit ng panturok ng drag. Hindi lahat ay makakaramdam ng sintomas. Tinatayang 30-50% ng matatanda at kulang ng 10% ng mga bata ang nakakaranas ng sintomas nang sila ay maimpeksyon. Kasama sa mga sintomas ang pananakit ng tiyan, pagkahilo at pagduduwal, pananakit ng kasukasuan at paninilaw ng balat at mata (jaundice). Karamihan ay gumagaling ngunit 5-10% sa kanila ay patuloy na may bayrus sa katawan at maaaring mailipat ito sa iba. Mayroong bakuna para sa hepatitis B na binubuo ng tatlong iniksiyon sa loob ng anim na buwan. Mayroon ding bakuna upang mahadlangan ang hepatitis A at B.

Hepatitis C

Ang hepatitis C ay naililipat sa pagkakadikit ng dugo. Noong 1997, tinatantiyang may 190,000 Australyano ang may hepatitis C, ang 134,000 nito ay may talamak na hepatitis C (ang impeksyon ay tumatagal ng anim na buwan o higit pa), at delikadong magkaroon ng sirosis at/o kanser sa atay. May halos 11,000 ang naiimpeksyon taon-taon sa Australya. Halos 90% sa mga ito ay dahil sa hindi ligtas na pagtuturok, kasama na ang pakikigamit ng kagamitan sa pagtuturok.

Walang bakuna ang makahahadlang sa hepatitis C.

Ano ang mga sintomas ng hepatitis C

Sa ibat ibang pamamaraan, naaapektuhan ang tao ng hepatitis C. Ang ilan ay walang sintomas na nararamdaman. Ang ilan ay nagkakaroon ng mga malubhang sintomas (at sa loob ng 8-12 linggo matapos maimpeksyon) na maaaring kinabibilangan ng:

Pagduduwal
Laging pagod
Pagkawala ng gana sa pagkain
Pananakit sa may banda ng atay
Sakit sa kasukasuan
Paninilaw (hindi palagi)

Halos 75% ng taong may hepatitis C ay magkakaroon ng malalang impeksyon (na tatagal ng anim na buwan o higit pa). Ang malala o matagal na sintomas ay maaaring umabot ng 10-15 taon bago makita. Ang pinakamadalas na malalang sintomas ay ang palagiang napapagod, pananakit (lalo na sa bahaging kinalalagyan ng atay), at pagkahilo. Karaniwan, ang mga sintomas ng malalang hepatitis C ay katamtaman, ngunit kung minsan ay matindi.

Malubha ba ang hepatitis C?

Oo, ito ay maaaring maging malubha

Ayon sa mga pananaliksik, sa 100 taong may hepatitis C, 25 ay malilinis ang bayrus sa kanilang katawan sa loob ng 2 hanggang 6 buwan ng pagkakaimpeksyon, ngunit patuloy na magkakaroon ng mga panlaban sa sakit (ang pangkontra ng katawan sa bayrus) sa mahabang panahon. Ang mga taong nawala ang bayrus ay lumalabas na sila ay naimpeksyon noong mga bata pa at isang beses lamang naimpeksyon.

Halos 75 ng 100 tao na may hepatitis C na hindi nawawalan ng bayrus ay magkakaroon ng patuloy o malalang impeksyon at delikadong magkaroon ng sirosis sa atay.

Sa 75 taong nagkaroon ng malalang hepatitis C, tinatayang 20 tao ang maaaring hindi makaranas ng kapansin-pansin na sakit o mga sintomas. Kahit na mailipat nila ang hepatitis C sa iba, hindi sila magkakasakit o magkakaroon ng sakit sa atay.

Matapos ang karaniwang 15 taon, may 40 hanggang 60 tao na may malalang hepatitis C ang makakaranas ng mga sintomas at magkakaroon ng isang uri ng matagalang pagkasira ng atay.

Makalipas ang 20 hanggang 40 taon, ang 8 hanggang 20 taong may hepatitis C ay magkakaroon ng sirosis sa atay. Mula sa 2 hanggang 5 sa mga ito ay makakaranas na mawalan ng silbi ang atay o magkakaroon ng isang uri ng kanser sa atay na tinatawag na 'hepatocellular carcinoma'.

Ito ay pangkalahatang patnubay lamang. Ang bawat karanasan ng isang taong may hepatitis C ay maaaring iba kaysa rito. Tandaan na maaaring mabuti ang inyong pakiramdam ngunit ang pagkasira ng inyong atay na dulot ng hepatitis C ay maaari pa ring lumalala. Kung ikaw ay umiinom ng alak, ang mga pagkakataon na magkaroon ka ng malubhang pagkasira ng atay, tulad ng sirosis sa atay, ay mataas. Maaari din na mahawahan ng hepatitis C nang higit sa isang beses. Ito ay magpapabigat sa paghihirap ng inyong atay.

Paano naililipat ang hepatitis C mula sa isa hanggang sa ibang tao?

Ang hepatitis C ay naililipat kung ang dugo ng isang tao na may hepatitis C ay makapasok sa katawan ng ibang tao. Ito ay maaaring mangyari sa ilang pangyayari.

1. Pagtatatu, pagbutas sa katawan at tainga (pagtuturok sa balat)

Ang pagtatatu, pagbutas sa katawan at tainga ay nangyayari sa ibat ibang uri sa maraming kultura mula pa sa kasaysayan. May peligrong magkaimpeksyon ng hepatitis C sa mga gawain ng pagtatatu at pagbutas ng katawan at paggamit ng mga kagamitan na hindi isterilisado o hindi malinis. Ang hepatitis C ay naililipat din sa pamamagitan ng ibang pamamaraan, halimbawa, hindi pagpalit ng tinta at pamahid na ginagamit sa pagitan ng dalawang kliyente o paglalagay ng markadong tatu sa pamamagitan ng pinagugulong na bagay (roll-on deodorant) na maaaring ginamit na sa ibang parokyano.

Ang lahat ng kagamitan na bumabaon sa balat ay kailangang isterilisado. Ang kapaligiran ay dapat malinis. Ang nagtatatu ay dapat gumamit, sa lahat ng oras, ng itinatapon na guwantes sa panahon ng pagtuturok sa balat. Laging alamin kung ang nagtatatu ay rehistrado o pinayagan sa ilalim ng nauukol na batas pang lisensiya ng Estado na kung saan ito ay ginagawa. Laging itanong kung ang mga kagamitan na gagamitin sa iyo ay isterilisado. Tingnan ang tinta kung ito ay bago at talagang inihanda para sa iyo at sa isang beses na gamit na lalagyan lamang ito. Makipag-usap sa inyong Kagawaran ng Kalusugan kung kailangan ng dagdag na impormasyon tungkol sa pagtuturok sa balat.

2. Pagsasalin ng dugo, mga produktong dugo, at mga bahagi ng katawan.

Ang lahat ng pagsasalin ng dugo, mga produktong dugo at bahagi ng katawan sa Australya ay sinuri sa hepatitis C mula pa noong 1990. Ngunit, sa ibang bansa ang pagsusuri ay hindi nagagawa. Ang mga taong sinalinan ng dugo sa ibang bansa ay maaaring magkaroon ng karagdagang peligro na mahawahan. Sa Australya, ikaw ay hindi mahahawahan ng hepatitis C sa pagbibigay ng dugo.

3. Pagbakuna ng hindi isterilisadong kagamitan

Noong nakaraan, maraming tao ang naimpeksyon sa pamamagitan ng paggamit ng hindi isterilisadong kagamitan na panturok sa panahon ng mga programa sa maramihang pagbabakuna. Dito sa Australya, ang lahat ng kagamitan sa pagbabakuna ay isterilisado; ngunit sa ilang bansa ang mga kagamitan ay hindi isterilisado. Ang hepatitis C ay madaling mailipat sa bawat tao sa pamamagitan ng maramihang pagbabakuna ng hindi isterilisadong kagamitan.



4. Kontak o Pagkadikit sa dugo

Ang pagkakadikit sa dugo ng ibang tao ay maaaring magkaroon ng dagdag na peligrong mahawahan ng hepatitis C. Laging gumamit ng guwantes kung hahawak sa dugo ng iba. Kung nagkaroon ka ng dugo sa inyong damit, tornikey o ibang nahuhugasang bagay, labahan kaagad ito ng may sapat na dami ng pulbos na sabon.

5. Pakikigamit ng kasangkapang pang-iniksiyon

Ang hepatitis C ay maaaring mailipat sa:

- Pamamagitan ng dugo sa heringgilya na ginamit ng iba;
- Pamamagitan ng dugo na naiwan sa tubig, kutsara o salaan ng ginamit na karayom at heringgilya;
- Mula sa dugo na naiwan sa tornikey na nakasayad sa pook na pinagtuturukan;
- Mula sa dugo na naiwan sa daliri ng tao (kung tinakpan nito ang tinurukan) na nalagay sa inyong balat habang tumutulong ito sa pagtuturok;
- Mula sa dugo na naiwan sa pansala ng iba nang sirain ito matapos ang pagtuturok;
- Mula sa dugo sa ginamit na bulak na pamahid; at
- Mula sa dugo sa inyong kamay matapos hawakan ang isang bagay o pook na hinawakan ng isang taong may dugo ang kamay.

Kung ikaw ay magtuturok ng drags, ligtas ang paggamit ng isterilisadong karayom at heringgilya, isterilisadong tubig, isterilisadong bulak na pamahid (isang pamahid sa kutsara, at isa sa iyong braso), malinis na salaan, malinis na tornikey, malinis na mga kamay (hugasan ito bago at matapos ang pagtuturok) at malinis na pook na pagtuturukan. Ang bagong karayom at heringgilya ay makukuha sa mga Programa sa Karayom at Heringgilya at sa ilang botika. HUWAG MAKIGAMIT SA ANUMANG gamit ng iba. Hindi

Ang mga Programa sa Karayom at Heringgilya ay nagbibigay ng ibat ibang kagamitan na kailangan sa pagtuturok ng drags tulad ng karayom at heringgilya, isterilisadong pamahid at tubig. Ang Programa sa Karayom at Heringgilya ay gumagawa rin ng paglilipat (referral) sa mga programa sa panggagamot sa drags, pangangalagang medikal, serbisyong panglegal at sosyal, at edukasyon sa kalusugang pangsekswal. Sila ay nagungulekta rin ng mga nagamit nang panginiksiyon at mga basurahan sa matulis na bagay sa ligtas na pagtatapon.

6. Pinsala sa pagkakatusok ng karayom (o matulis na bagay)

Ang aksidenteng pagkakaturok sa balat ng ginamit na karayom at heringgilya ng nahawahang tao ay maaaring maglipat ng hepatitis C.

Laging itapon ng ligtas ang mga karayom at heringgilya sa nakasara at lalagyang hindi nabubuksan ng bata, hindi nabubutas na plastik na lalagyan. Ang mga lalagyang ito ay makukuha mula sa mga Programa sa Karayom at Heringgilya at ilang botika.

Ang Hepatitis C ba ay naililipat sa iba sa pamamagitan ng pakikipaghalikan?

Hindi. Ang Hepatitis C ay naililipat lamang sa pamamagitan ng pagkakadikit ng dugo. Ang hepatitis C ay hindi naililipat sa pakikipaghalikan, pagyakap, pakikikain ng sabay at paggamit ng inuman, paliguan at kubeta.

Ang hepatitis C ba ay naililipat sa pamamagitan ng pakikigamit ng pang-ahit at sepilyo ng iba?

Maaaring mailipat ang hepatitis C sa pamamagitan ng paggamit ng mga personal na gamit tulad ng pang-ahit, sepilyo, kikil o gunting sa kuko. Ang mga gamit na ito ay nakakahiwa sa balat at maaaring mahawahan ng dugo at mailipat sa iba sa pamamagitan ng hiwa, galos o kalmot.

Maaari bang mailipat ang hepatitis C sa pamamagitan ng pakikipagtalik?

Ang hepatitis C ay hindi karaniwang naililipat sa pamamagitan ng pakikipagtalik o pagseseks. May peligro kung ang isa ay may hepatitis C at maaaring magkaroon ng dugo sa kanilang pagtatalik. Kung may dugo, laging gumamit ng kondom o dental dam.

Maaari bang mailipat ang hepatitis C sa mga larong 'contact sports'?

Hindi maaaring mangyari ito, lalo na kung ang isport ay may kaukulang patakaran sa dugo (blood rules) na pinaiiral. Walang pagkakataon na ang ganitong pagkakahawa ay naitala. Walang dahilan upang hindi sumali ang sinuman sa 'contact sport'.

Ang hepatitis C ba ay naililipat ng ina sa anak sa panahon ng pagbubuntis?

Ang hepatitis C ay hindi kaagad naililipat ng ina sa anak. Ngunit, ang paglilipat ay maaaring mangyari kung ang ina ay may HIV at hepatitis C din, o nahawahan ng hepatitis C sa panahon ng pag-bubuntis. Kung may hepatitis C ang dugo ng ina sa panahon ng pagbubuntis o panganganak, delikadong makuha ng bata ang hepatitis C. Ang paglilipat ng hepatitis C sa pamamagitan ng pagpapa-suso ay hindi nangyayari, ngunit ang mga babaeng may hepatitis C ay pinapayuhan na huwag magpasuso kung may sugat o dumudugo ang kanilang utong.

Maaari ba akong mahawahan ng hepatitis C ng ilang beses?

Sa mga taong naalis ang hepatitis C, ang pagkakahawang muli ay posible. Ang maramihang pagkakahawa ng mahigit na isang uri ng hepatitis C bayrus ay maaari ding mangyari. Ang maramihang pagkakahawa ay maiuugnay sa mabilis na paglala ng sakit sa atay.

Ano ang kailangan sa pagsusuri ng panlaban (antibody) sa hepatitis C?

Ang pagsusuri ng panlaban sa hepatitis C ay binubuo ng pagkuha ng kaunting dugo mula sa ugat sa braso. Ang dugo ay ipadadala sa laboratoryo upang suriin. Makikita sa pagsusuri ng dugo ang mga panlaban sa hepatitis C bayrus. Maaaring mangailangan ang katawan ng dalawang linggo hanggang anim na buwan upang makabuo ng sapat na mga panlaban sa hepatitis C at malaman sa pagsusuri kung ang isang tao ay nahawahan ng hepatitis C. Makipag-usap sa inyong doktor kung binabalak ninyo ang pagpapasuri.

Ano ang kasama sa pagsusuri ng gamit ng atay?

Ang pagsusuri ng gamit ng atay (LFT) ay isang pagsusuri ng dugo na magpapakita kung ang inyong atay ay napipinsala. Ito ay karaniwang ginagawa tuwing 6-12 buwan sa mga taong may hepatitis C. Makipagkita sa iyong doktor na siyang magsasabi kung kailangan ng pagsusuri.

Mayroon bang gamot para sa hepatitis C?

May dalawang gamot na aprobado para sa paggamot ng hepatitis C: interferon at ribavirin. Hindi lahat ay maaaring bigyan ng mga gamot na ito. May mga kailangang tugunan upang ang isang taong may hepatitis C ay maisama sa paggamot, at maaaring may mga hindi kanais-nais na mararamdaman. Ang gamot ay makukuha lamang sa pamamagitan ng natatanging serbisyo.

Ang ilang tao ay gumagamit ng mga natural na panggagamot o alternatibo tulad ng akyupanktiyur at mga halamang gamot. Makipag-usap sa isang may kakayahan sa natural na panggagamot (natural theraphy practitioner) para sa karagdagang impormasyon.

Anuman ang iyong pinili, mahalagang magkaroon ng maraming kaalaman tungkol sa ibat ibang pagpipilian sa panggagamot. Ang pakikipag-ugnayan sa inyong doktor at sa Hepatitis C Council sa inyong Estado o Teritoryo ay makakatulong na malaman mo ang mga bagong nangyayari sa panggagamot ng hepatitis C.

May ilang bagay na magagawa ka upang mapabuti ang iyong kalusugan at kakayahang harapin ang hepatitis C. Ang mga gawaing ito ay makakabuting sundin kung ikaw man ay may hepatitis C o delikadong mahawahan:

Palagiang malusog na pagkain
Bawasan ang pag-inom ng alak
Bawasan ang paninigarilyo
Mamahinga ng mabuti
Bawasan/pamamahala ng pagkabahala
Pag-eehersisyo ng palagian) mabagal hanggang katam-tamang pag-ehersisyo tulad ng yoga, paglalakad, at paglangoy)
Kung ikaw ay nagtuturok ng drags, tumingin ng ibang pagpipilian tulad ng paninigarilyo, paglunok o pagsinghot nito.

Ang atay ay isang mahalagang bahagi ng katawan ng tao na nagsasagawa ng maraming mahahalagang gawain. Kung hindi kayo tutuyong tiggil na uminom, maaaring bawasan nito ang dami ng inilalabas na alak sa pamamagitan ng:

> Paggamit ng mahina ang alkohol na inumin
> Iwasan ang labis at matagalang inuman
> Hanlinhiran ng walang alkohol na inumin

Napatunayan na ang panlingaliya ay nakakasira sa kalusugan ng isang tao at nakadaragdag sa pagkakaroon ng sakit sa puso. Ang pagbabawas ng panlingaliya o pagtigil nito ay maaaring makabuti sa inyong pangkalahatang kalusugan at makakatulong sa iyo na harapin kung mayroon kayong hepatitis C.

Ang pagbabawas sa pagkasira ng inyong atay ay isang mahalagang bagay upang manatili kayong malusog.

Sino ang pagsasabihan ko na ako ay may hepatitis C?

Bago sabihin kaninuman na ikaw ay may hepatitis C mangyaring pag-aralan kung sino ang sasabihan at bakit. Makakatulong pag-usapan ang hepatitis C kung ikaw ay handa na. Ayon sa batas, hindi kailangang sabihin kaninuman maliban sa bangko ng dugo na ikaw ay hepatitis C o ikaw ay isang manggagawang pangkalusugan na gumagamit ng pawang 'exposure prone' (tingnan ang seksiyon sa baba tungkol sa Pagsasabi sa Pinagtatrabahuhan).

Ipinag-utos ng batas sa mga manggagawang pangkalusugan na lukat ang mga positibong kinalabasan ng pagsusuri sa pantaban sa hepatitis C sa Kagawaran ng Kalusugan. Ang impormasyong ito ay ikinakodigo para sa inyong kaliliman. Kailangang maiman ng Kagawaran ng Kalusugan ang mga impormasyong ito upang maunawaan:

- Kung ilan ang taong nahahawahan ng hepatitis C;
- Kung saan nanggagaling ang pagkakahawa; at
- Saan dadalhin ang mga taong pangkalusugan upang matiyak ang tamang pagkahawa at mangalaga sa mga taong nahawahan na ng hepatitis C.

Pagsasabi sa inyong pamilya

Kung sasabihin sa inyong pamilya, ito ay pansarilling desisyon mo lamang. Maguguliat ka kung paano ka suportahan ng inyong pamilya kapag nalaman na ikaw ay hepatitis C. *Huwag silang pangunahan.* Magtalaga ng mabuti tungkol sa paano, kailan, sinu, at bakit mo sasabihin sa kanila ang tungkol sa iyong pagiging hepatitis C. Ang iyong doktor, Hepatitis C Council at ang mga tagapayo ay maaaring makatulong upang magdesisyon kung sino ang iyong pagsasabihan at kung paano haharapin ang kanilang mga tanong at sasabihin.

Pagsasabi sa mga manggagawang pangkalusugan

Sa inyong pagdalaw sa mga manggagawang pangkalusugan (ang inyong doktor, espesyalista pangmedikal, nars, o dentista), maaaring magtanong sa inyo tungkol sa inyong nakaraang personal na kalusugan, kasama na kung kayo ay may hepatitis C o sakit sa atay.

Hindi mo kailangang sabihin sa mga manggagawang pangkalusugan kung ikaw ay may hepatitis C. Ngunit sa pakikipag-usap ng malaya tungkol sa iyong pangangailangang pangkalusugan, makukuha mo ang mahusay na panggagamot ayon sa mabuting impormasyon tungkol sa iyong kalusugan. Kung ikaw ay nababahala tungkol sa kung paano gagamitin ng mga manggagawang pangkalusugan ang impormasyon na iyong ibibigay, makipag-usap sa kanila.

Labag sa batas para sa isang manggagawang pangkalusugan na ibigay sa iba ang tungkol sa iyong kalagayang pangkalusugan ng wala kayong permiso, maliban sa unang ulat na ibibigay sa Kagawaran ng Kalusugan tungkol sa positibong resulta ng pagsusuri sa hepatitis C.

Ipinagbabawal din ng batas sa iyong tagapagpaliwanag pangkalusugan na isiwalat ang tungkol sa kalagayan ng iyong kalusugan ng wala kayong kapahintulutan.

Maaaring kilala mo ang tagapagpaliwanag ng personal. Kung hindi ka nasisiyahan sa harapang pagbibigay ng serbisyo sa pagpapaliwanag, may karapatan ka na humiling ng tagapagpaliwanag sa telepono sa ibang estado upang pag-usapan ang iyong kalusugan. Makipag-usap sa iyong manggagawang pangkalusugan kung ito ang iyong kagustuhan.

Pagsasabi sa iyong pinagtatrabahuhan

Walang dahilan upang sabihin mo sa iyong pinagtatrabahuhan maliban na lamang kung ikaw ay isang manggagawang pangkalusugan na gumaganap ng 'exposure prone' na gawain (mga gawaing pangmedikal na peligrosong mahiwa ka at maduguan ang pasyente). Kung ito ang situwasyon, kailangang malaman mo kung ano ang patakaran ng Kagawaran ng Kalusugan ng Estado/Teritoryo tungkol sa mga manggagawang pangkalusugan na may hepatitis C.

Paano kung ako ay tratuhing may diskriminasyon dahil ako ay may hepatitis C?

Ang pagsasabi sa mga tao na ikaw ay hepatitis C ay maaaring magdulot sa iyo ng ibat ibang diskriminasyon. Ang diskriminasyon ay ang pagturing sa iyo ng may pagkakaiba matapos na malaman na ikaw ay may hepatitis C. Karamihan sa mga diskriminasyon ay nanggagaling sa mga taong may kaunting nalalaman tungkol sa hepatitis C at gumagawa ng maling haka-haka. Napakahirap sabihin kung paano kikilos ang isang tao. Ang mabuting simula ay ang alamin ang mas maraming kaalaman tungkol sa hepatitis C upang maipaliwanag mo sa mga tao.

Bawal sa batas ang sinuman na magdiskriminasyon sa iyo dahil sa ikaw ay may hepatitis C, maliban sa mga kompanya sa seguro at superanwasyon.

Hindi ka maaaring pagkaitan na kumuha ng edukasyon, tanggihan ng matitirahan o tanggalin sa trabaho dahil sa mayroon kang hepatitis C, at ikaw ay protektado sa ganitong mga diskriminasyon sa ilalim ng *Commonwealth Disability Discrimination Act 1992*. Bilang karagdagan, karamihan sa mga Estado ay may sariling batas sa anti-diskriminasyon. at ginagarantiyahan din ng *Disability Discrimination Act 1992* ang inyong karapatan na tumanggap ng panggagamot medikal.

Kung sa akala mo ikaw ay naapi sa diskriminasyon, gumawa ka kaagad ng mga tala tungkol sa mga sinabi at ano ang nangyari. Ito ay makakatulong sa iyo na maihanda ang pormal na reklamo. Humingi ng payo sa mga serbisyong nakalista sa likod ng libiritong ito.